# GUMAWA NG SARILI MONG MUNDO*

Mag-iisip at makikiramdam nang mabuti ang mga kalahok para mapagnilayan ang mundong kanilang tinitirhan kumpara sa mundong ayaw nilang tirhan. Sa pagtatapos ng gawain, mapagtatanto nila na maraming maitutulong sa daigdig kahit bilang indibidwal sa pamamagitan ng malilit at tuloy-tuloy na ginagawa nila.

## Pagbabago ng Klima

### Oras na Kailangan

45 minuto

### Hirap

Katamtaman

### Mga Kagamitan

compass, puting chart paper, lapis, pambura, makukulay na pen

*Ginawa ang aktibidad na ito bilang karugtong ng pag-aaral na konektado sa **Towerganics** Limitless Project.

## Mga tagubilin

**Unang Hakbang**

- Kumuha ng puting chart paper at hatiin iyon sa dalawa. (Hindi mo kailangang gupitin iyon; gumuhit lang ng linya para mahati iyon.)

**Ikalawang Hakbang**

- Sa itaas na bahagi ng isang kalahati, isulat ang "Mundong gusto mong masaksihan" habang sa itaas ng kabilang kalahati, isulat ang "Mundong AYAW mong masaksihan".

**Ikatlong Hakbang**

- (Kumuha ng compass at) gumuhit ng malaking bilog sa magkabilang panig.

**Ikaapat na Hakbang**

- Iguhit ang mga katangian ng daigdig.

**Ikalimang Hakbang**

- Magsalitan at gumuhit ng mga elemento sa mundo (halimbawa, mga puno, tao, bulaklak, o usok, basura, mga taong may sakit) upang makagawa ng dalawang larawan ng daigdig.

**Ikaanim na Hakbang**

- Pagkatapos, iulat ang mga pagkakaiba ng dalawang larawan.

**Ikapitong Hakbang**

- Maglista ng 10 bagay na magagawa mo bilang indibidwal para pangalagaan ang daigdig at ang mga mapagkukunan ng yaman nito (sa parehong papel), gaya ng "patayin ang kuryente sa tuwing aalis ng kuwarto" o "magtanim ng puno sa aking kaarawan."




www.preparecenter.org/TeenPrepKit